'Ilalapit ang mananampalataya sa Araw ng Pagbangon sa Panginoon nito (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) hanggang sa maglagay Siya rito ng saklob Niya saka magpapaamin Siya rito ng mga pagkakasala nito

Ayon kay Ṣafwān bin Muḥriz na nagsabi: {May nagsabing isang lalaki sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): "Papaano kang nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi sa pagniniig?" Nagsabi ito: "Nakarinig ako sa kanya na nagsasabi: 'Ilalapit ang mananampalataya sa Araw ng Pagbangon sa Panginoon nito (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) hanggang sa maglagay Siya rito ng saklob Niya saka magpapaamin Siya rito ng mga pagkakasala nito saka magsasabi Siya: Nakaaalam ka kaya?' Kaya magsasabi ito: 'Oo, Panginoon ko, nakaaalam ako.' Magsasabi Siya: 'Sapagkat tunay na Ako ay nagtakip niyon sa iyo sa Mundo at tunay na Ako ay magpapatawad niyon sa iyo sa araw na ito.' Kaya ibibigay rito ang talaan ng mga magandang gawa nito. Hinggil naman sa mga tagatangging sumampalataya at mga mapagpaimbabaw, mananawagan sa kanila sa mga harap ng mga nilikha: Ang mga ito ang mga nagsinungaling laban kay Allāh."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa pakikipagniigan ni Allāh sa lingkod Niyang mananampalataya sa Araw ng Pagbangon sapagkat nagsabi siya: Ilalapit ang mananampalataya sa Araw ng Pagbangon sa Panginoon nito para maglagay Siya rito ng pagtatakip Niya buhat sa mga tao sa Tayuan nang sa gayon hindi makabatid sa lihim niya ang iba sa kanya saka magsasabi Siya rito: "Nakaaalam ka ba ng pagkakasalang ganito at gayon?" ... Magpapaamin Siya rito ng mga pagkakasala na sa pagitan ng tao at Panginoon nito. Kaya magsasabi siya: "Oo, O Panginoon." Hanggang sa kapag nangilabot ang mananampalataya at nangamba, magsasabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya) dito: "Tunay na Ako ay nagtakip niyon sa iyo sa Mundo at Ako ay magpapatawad niyon sa iyo sa araw na ito." Kaya ibibigay rito ang talaan ng mga magandang gawa nito. Hinggil naman sa tagatangging sumampalataya at mapagpaimbabaw, mananawagan sa mga harap ng mga saksi: Ang mga ito ang mga nagsinungaling laban sa Panginoon nila; pansinin, ang sumpa ni Allāh ay sa mga tagalabag sa katarungan.